DAY OF PRAYER FOR JUSTPEACE IN THE PHILIPPINES 2026

# Panalangin para sa Kapayapaan sa Pilipinas

Dios ng kapayapaan at katarungan, inihayag ng iyong mga propeta noon ang pagdating ng araw kung saan ang mga sandata ng pagkasira ay magiging mga kagamitan para sa pagsasaka, at ang iyong bayan ay hindi na magsasanay pa sa pakikidigma. Tinatawag mo kaming maghangad ng katarungan, sumunod sa landas ng kapayapaan, at mangalaga sa iyong sangnilikha.

Mapagmahal na Dios, sa pamamagitan ni HesuKristo, aming Prinsipe ng Kapayapaan, maging lakas ka namin at pag-asa. Puspusin mo kami ng iyong Banal na Espiritu upang talikuran namin ang poot, karahasan, kasakiman, at pansariling interes. Bigyan mo kami ng lakas ng loob na sabihin ang katotohanan, ipagtanggol ang mga api, at magtulungan sa mga gawaing ikabubuti ng lahat.

Gawaran mo kami ng kapayapaan ayon sa iyong kalooban, O Dios. Tulungan mo kaming maunawaan na walang kapayapaan kung walang katarungan. Nawa'y itakwil namin lagi ang kahit anong porma ng huwad na kapayapaang nagpapatahimik sa daing ng mahihirap, bumabalewala sa karapatan ng mga pamayanan, o isinasakripisyo ang kalagayan ng buong sangnilikha para sa kita at kapangyarihan.

Inaalala at ipinapanalangin namin ang mga magsasakang walang sariling lupa; ang mga manggagawang patuloy na nakikibaka para sa nakabubuhay na sahod; ang mga mangingisda at komunidad sa kanayunan na nanganganib ang kabuhayan; at ang mga katutubong pinapalayas sa kanilang mga lupang ninuno upang magbigay-daan sa mga proyektong naglilingkod sa mga interes na mga makapangyarihan.

Ngayon, higit naming inaalala at ipinapanalangin ang mga pamayanang Ayta na nakaranas ng panggigipit, pananakot, at pagpapalayas sa kanilang lupang ninuno kaugnay ng iminumungkahing proyektong Pax Silica. Protektahan mo ang kanilang buhay, dignidad, kultura, at kalupaan. Palakasin mo sila sa kanilang pakikibaka para sa katarungan, at buksan mo ang mga puso ng mga nasa kapangyarihan upang pakinggan ang kanilang tinig at igalang ang kanilang mga karapatan.

Turuan mo kami, O Diyos, na huwag manatiling tahimik sa harap ng kawalang-katarungan. Tulungan mo kaming mag-organisa nang mapayapa at may tapang upang tumindig kasama ang mga pamayanang Ayta at ng lahat ng mamamayang ipinagtatanggol ang kanilang mga lupang ninuno, kabuhayan, dignidad, at mga karapatang kaloob mo. Gawing mo kaming tapat na kasama sa kanilang pakikibaka at responsableng katiwala ng iyong sangnilikha.

Dalangin namin na ang kaban ng bayan at mga serbisyong pampubliko ay tunay na maglingkod sa mga interes ng mahihirap at mga naisasantabi. Bigyan mo ng karunungan at tapang ang aming mga pinuno upang piliin nila ang landas ng katarungan kaysa sa katiwalian, kasakiman, pansariling interes sa pulitika, at pagkopo ng kapangyarihan.

Ipinapanalangin din namin ang pagtatapos ng armadong tunggalian sa aming bayan. Nawa'y taimtim na harapin ng pamahalaan ng Pilipinas at ng National Democratic Front of the Philippines ang mga ugat ng armadong tunggalian at itaguyod ang makabuluhang pag-uusap tungo sa makatarungan at namamalaging kapayapaan. Bigyan mo kami ng tapang na magsulong ng mga solusyong makatao, at pangalagaan ang mga tunay na naglilingkod para sa katarungan.

Naniniwala kaming hangga't hindi tuwirang hinaharap at binabago ang mga ugat ng kahirapan, kawalan ng lupa, hindi pagkakapantay-pantay, katiwalian, mga dinastiyang pampulitika, at pansariling interes ng mga nasa kapangyarihan, magpapatuloy ang armadong tunggalian at ligalig sa lipunan. Kaya naman, turuan mo kaming magtaguyod hindi lamang ng isang lipunang ligtas sa digmaan, kundi para sa isang lipunang pinagyayaman ang katarungan, pagkakapantay-pantay, dignidad ng tao, at pangangalaga sa sangnilikha.

Diyos ng awa, dinggin mo ang daing ng iyong bayan. Bigyan mo kami ng tapang na makapanig sa mga api, ng karunungan na itaguyod ang tama, at ng habag upang makilakbay tungo sa ganap na pagkakaisa.

Taimtim naming ipinapanalangin ang makatarungan at namamalaging kapayapaan sa aming mga pamayanan at sa buong Pilipinas. Nawa'y pag-isahin kami ng iyong Espiritu sa gawain ng katarungan. Nawa'y alalayan kami ng iyong awa, gabayan ng iyong katotohanan, at gawin kaming mga instrumento ng kapayapaan sa pamamagitan ng iyong pag-ibig.

Nawa'y manaig ang iyong kapangyarihan, at masunod ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit.

Iniaalay namin ang panalangin na ito sa pangalan ni Hesukristo, na aming Panginoon at Prinsipe ng Kapayapaan, Siya Nawa.

---

Ang panalangin para sa taong ito ay isinulat ni Dss. Rubylin Litao ng United Methodist Church.